# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Kagamitan ng Mag-aaral
## Yunit 4

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

DEPED COPY

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2015**
**ISBN: ____________**

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Consultant**: Fe A. Hidalgo, PhD
**Mga Tagasuri at Editor:** Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, at Joselita B. Gulapa
**Mga Manunulat:** Felamer E. Abac, Gina A. Amoyen, Jesusa M. Antiquiera, Henrieta A. Bringas, Grace R. Capati, Maria Carla M. Caraan, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Isabel M. Gonzales, Noel S. Ortega, Marilou D. Pandiño, Adelaida M. Reyes, at Portia R. Soriano
**Mga Tagaguhit:** Eric S. de Guia, Fermin M. Febella Jr., at Randy G. Mendoza
**Mga Tagapagtala:** Gregorio T. Pascual at Bryan R. Simara
**Mga Naglay-out**: Gregorio T. Pascual at Elizabeth T. Soriao-Urbano
**Punong Tagapangasiwa:** Joselita B. Gulapa
**Pangalawang Tagapangasiwa:** Marilou D. Pandiño

**Inilimbag sa Pilipinas ng ___________**
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor, Mabini Bldg, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 at 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Paunang Salita

Ang Kagamitan ng Mag-aaral na ito ay inihanda para sa iyo na nasa Ikaapat na Baitang upang makatulong sa iyong pag-aaral ng Edukasyon sa Pagpapakatao na isa sa mga asignatura sa K to 12. Layunin sa paggamit ng kagamitang ito na mapatnubayan ka upang higit mong makilala ang iyong sarili, bahaging ginagampanan sa pamilyang kinabibilangan, at pamayanang ginagalawan bilang isang Pilipino na inaasahang makikibahagi sa pagbuo ng pamayanang pinaiiral ang katotohanan, kalayaan, katarungan, pagmamahal at pagmamalasakit. Ang iyong gulang, interes, at pangangailangan upang makaangkop sa kasalukuyang panahon ay isinaalang-alang sa pamamagitan nang masusing pagpili, pagsasaayos, at paglalahad ng mga kuwento, sitwasyon, tula at awit na hinango sa pang-araw-araw na pangyayari at karanasan... Inaasahang kawiwilihan at palaging isasakatuparan bilang isang hamon ang pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, at pagpapasiya, at pagkilos bago gumawa ng desisyon na may kinalaman sa iyong pamumuhay bilang isang bata saan man naroroon.

Ang kagamitang ito ay hinati sa apat na yunit na may apat na kuwarter ng pag-aaral sa loob ng isang taon ang Kagamitan sa Pag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| Yunit I | - | Pananagutang Pansarili at Pagiging Mabuting Kasapi ng Pamilya |
| Yunit II | - | Pakikipagkapuwa-tao |
| Yunit III | - | Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa |
| Yunit IV | - | Pananalig at Pagmamahal sa Diyos: Paninindigan sa Kabutihan |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Katulad sa una, ikalawa at ikatlong baitang ginagamit at nasundan mo sa pamatnubay ng iyong guro ang mga hakbang at proseso sa paggamit ng Kagamitan ng Mag-aaral at iba pang karanasan sa paglinang ng pagpapahalaga. Muli, gagabayan ka ng iyong guro sa mga prosesong gagamitin sa pagsasagawa ng mungkahing mga Gawain na maaaring pang-indibidwal o pangkatan. Ginamit upang maging makahulugan ang mga sumusunod na hakbang o Gawain sa pagkatuto: Alamin Natin, Isagawa Natin, Isapuso Natin, Tandaan Natin, Isabuhay Natin at Subukin Natin.

Sa pagtatapos sa Ikaapat na Baitang, inaasahang maipapamalas mo ang pag-unawa sa makabuluhang gawain na may kaakibat na pagpapahalaga tungo sa wasto, maayos, masaya at mapayapang pamumuhay para sa sarili, kapuwa, bansa, at Diyos.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Talaan ng Nilalaman


**Yunit IV Pananalig at Pagmamahal sa Diyos: Paninindigan sa Kabutihan ……………........................…… 269**

Aralin 1 Buhay na Mula sa Diyos, Pahalagahan ………... 270

Aralin 2 Pagpapahalaga sa Kapuwa, Pagmamahal sa Maylikha ……………………...…………... 281

Aralin 3 Pamilya Tungo sa Isang Mapayapang Komunidad ………………………………...……… 289

Aralin 4 Mga Hayop na Ligaw at *Endangered*, Kalingain at Alagaan …………………………...….. 298

Aralin 5 Halamanan sa Kapaligiran, Presensiya ng Pagmamahal ng Maykapal …………………….… 308

Aralin 6 Pangangalaga sa Kapaligiran, Tanda ng Paggalang sa Diyos na Lumikha ……..……….. 319

Aralin 7 Mga Biyaya ng Kalikasan, Dapat na Pahalagahan ...…………………………........……... 327

Aralin 8 Mga Yamang Likas, Ating Alagaan...…...…..……….. 334

Aralin 9 Mga Kagamitang Gawa ng Tao, Iiingatan Ko! .... 343


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit IV

## Pananalig at Pagmamahal sa Diyos: Paninindigan sa Kabutihan





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 1

# Buhay na Mula sa Diyos, Pahalagahan


*Ang ating buhay ay ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Paano mo ito pinahahalagahan? Ang pagpapahalagang ito ang nagpapakita ng kaibahan ng tao sa hayop na parehong nilalang ng Diyos.*



## Alamin Natin

Basahin at unawain ang maikling salaysay ni Adrian.

### "Alam Ko Na!"




Noon, madalas akong kumain ng *fries* at uminom ng *softdrinks* tuwing *recess*. Sa pananghalian, pritong manok o kaya'y sinigang na baboy lamang ang gusto kong kainin. Ayaw na ayaw kong makakita ng ampalaya, kalabasa, kangkong, o anumang gulay. Mas nanaisin ko pang kumain ng tsokolate mula sa *refrigerator* kaysa kumain ng saging o atis.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Madalas ay nanonood lamang ako ng telebisyon o naglalaro ng *computer games*. Mahilig din akong magbabad sa harap ng *laptop* at mag-*upload* ng *selfie pictures* sa Facebook o makipag-*text* sa mga kaibigan. Madalas, puyat, pero ayos lang sa akin, ikinatutuwa at masaya naman ako sa ginagawa ko.

Ilang panahon ang lumipas, napansin ko na bumibigat ang aking timbang. Ako'y nagtataka. Bakit ako nanghihina gayong malakas naman akong kumain? Bakit madalas sumasakit ang aking mga mata? Parang kinakailangan ko nang gumamit ng salamin dahil lumalabo na ang aking paningin. Madalas ay nagkakasakit ako. Laging bugnutin at umikli ang aking pasensiya. Ang aking mga kaibigan, kamag-aral at pamilya ay napansin ang pagbabago ng aking ugali.

Dahil sa mga pagbabagong ito ay bumaba ang aking grado. Iniiwasan din ako ng aking mga kamag-aral at kaibigan dahil madali akong mapikon sa mga biro na naging sanhi ng aking pagiging bugnutin.

Nanibago ako sa mga nangyayari. Napagtanto kong hindi ito ang gusto ko. Hindi rin ito ang pinangarap ko.

Tandang-tanda ko pa ang pangaral ni Inay at ni Itay. "Anak, ingatan mo ang iyong sarili. Handog ito sa iyo ng Diyos. Ang bawat handog ng Diyos ay may kaakibat na pananagutan."

"Tama si Inay at si Itay," wika ko sa aking sarili.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-ano ang paboritong kainin at madalas gawin ni Adrian? Itala ang mga ito.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

2. Paano nakaapekto ang mga ito sa kaniyang:
    a. ugali
    b. kalusugan
    c. pakikipagkapuwa-tao

3. Kung ipagpapatuloy ni Adrian ang ganitong gawi, ano kaya ang magiging epekto nito sa kaniyang:
    a. sarili
    b. kapuwa
    c. relasyon sa Diyos

4. Ipaliwanag ang linyang ito: "Anak, ingatan mo ang iyong sarili. Handog ito sa iyo ng Diyos. Ang bawat handog ng Diyos ay may kaakibat na responsibilidad at pananagutan."



## Isagawa Natin

**Gawain 1**

Basahin ang mga sitwasyon sa unang hanay. Sa ikalawang hanay, lagyan ng tsek (✓) kung ito ay ginagawa mo at ekis (×) kung hindi. Sa ikatlong hanay naman ay ipaliwanag ang dahilan ng iyong mga sagot. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Sitwasyon | ✓ o × | Paliwanag |
|---|---|---|
| Nag-eehersisyo ako araw-araw | | |
| Naghuhugas ako ng paa pagkahubad ng sapatos | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Sitwasyon | ✓ o × | Paliwanag |
|---|---|---|
| Nagpapahinga ako pagkatapos ng pagdidilig ng mga halaman | | |
| Naliligo ako pagkatapos maglaro ng *basketball* | | |
| Madalas akong kumakain ng *hotdog*, *tocino,* at *barbecue* | | |

**Gawain 2**

Basahin ang mga *slogan* na nasa ibaba. Ang mga ito ay tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa sarili. Unawain ito. Gumawa ng pangkatang *slogan* upang itaguyod ang malusog na estilo ng pamumuhay. Isulat ito sa *bond paper*. Maaaring gumawa ng sariling *slogan*. Maging malikhain sa paggawa nito.

Kumain ng gulay upang
humaba ang buhay.

Kalusugan ay ingatan,
sakit ay iwasan.

Prutas at gulay ay kainin,
sustansiya ang laging isipin,
malusog na katawan
ang aanihin.

Mag-ehersisyo araw-araw,
upang katawan
ay maigalaw-galaw.

Ipaskil ito sa isang bahagi ng inyong paaralan na makikita ng mga mag-aaral para sa gagawing *gallery walk.* Kumuha ng mga reaksiyon mula sa mga mag-aaral hinggil sa mga *slogan*.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Isapuso Natin

Ano-ano ang mga inaasahang ginagawa ng iba't ibang bahagi ng ating katawan?

Pag-aralan ang ipinahihiwatig na mensahe sa bawat larawan. Dugtungan ang mga lipon ng mga salita upang makabuo ng isang pahayag na nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa iba't ibang bahagi ng iyong katawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




May mga mata ako upang
________________________
_______________________.

Dahil dito dapat kong
________________________
_______________________.

May mga tainga ako upang
________________________
_______________________.

Dahil dito dapat kong
________________________
_______________________.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



May puso ako upang

______________________

______________________.

Dahil dito dapat kong

______________________

______________________.

May mga kamay ako upang

______________________


______________________.

Dahil dito dapat kong

______________________

______________________.





May bibig ako upang

______________________

______________________.

Dahil dito dapat kong

______________________

______________________.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bukod sa paningin, ano pa ang gamit ng ating mga mata? Patunayan.

2. Sa pakikinig lamang ba sa nagsasalita ginagamit ang ating tainga? Pangatwiranan.

3. Ang ating pamilya, kaibigan, kamag-aral, at mga taong malapit sa atin lamang ba ang puwede nating mahalin? Bakit?

4. Saan pa maaaring gamitin ang ating mga kamay bukod sa paghawak ng mga bagay-bagay? Ipaliwanag.

5. Bukod sa pagnguya, ano pa ang gamit ng ating bibig at mga ngipin?

## Tandaan Natin

Biyaya ng Diyos ang pagpapahalaga natin sa kalusugan ng ating katawan at isipan. Ito ay nagbibigay-daan upang malinang sa atin ang ugaling kumain ng tamang pagkain at magkaroon ng sapat na oras sa pagtulog, pamamahinga at ehersisyo. Gayundin ang pagiging malinis at maayos sa ating mga sarili. Lagi nating tandaan na "Ang kalusugan ay kayamanan". Sinuman at lalo't higit ang Diyos ay magiging masaya kung inaalagan natin ang ating kalusugan at pangangatawan.

Isa sa mga kasiyahan ng batang malusog ay ang pagpapamalas ng kasiglahan at tiwala sa sarili.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Bilang nilalang ng Diyos, may mga misyon tayo sa mundo na kinakailangang gampanan. Inaasahan Niyang mapalago natin at mapangalagaan ang lahat na Kaniyang nilikha. Hindi natin magagawa ang misyong ito kapag madalas tayong magkasakit at walang kapayapaan sa ating buhay.

Handog ng Diyos ang ating buhay. Marapat lamang na atin itong ingatan at pahalagahan para sa sarili natin at para sa iba na nagmamahal sa atin.

Paano mo nga ba mapahahalagahan ang iyong buhay?

1. Alam mong masama sa iyo ang matatamis na pagkain, kakain ka pa ba nito?

2. Basang-basa ka ng pawis. Paano mo maipakikita ang pag-iingat upang hindi ka magkasakit?

3. Papaalis ka ng bahay. Napansin mong umaambon na. Ano ang dapat mong gawin?

Pag-isipan mong mabuti.

Tandaan natin na mahal tayo ng Diyos kaya inaasahan Niyang aalagaan natin ang ating sarili bilang tanda ng pasasalamat natin sa buhay na kaloob.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Isabuhay Natin

A. Paano mo maipakikita na ikaw ay isang nilikhang may mapayapang kalooban? Ilagay ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer* sa ibaba.

*Halimbawa:* Ginagamit ko ang aking dila sa pamamagitan ng mahusay na pagsasalita na nagpapakita ng mapayapang kalooban.




B. Gumawa ng isang pangako o resolusyon na nagpapahayag ng mga gagawin upang matamo ang kapayapaang panloob. Gawing gabay ang nasa kabilang pahina.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Pangako Ko, Tutuparin Ko**

Ako, ________________________ bilang isang nilikha ng Diyos ay nangangakong ______________ simula _________________. Upang _________________. Naniniwala ako na _______________ dahil _____________.

_________________

Lagda

C. Maaari ding magdikit ng mga larawan sa gagawin mong pangako. Ipaskil ito sa isang lugar sa inyong bahay na madalas mong makita upang laging magpaalala sa iyo sa pangakong ginawa.



## Subukin Natin

1. Pumili ng isa sa mga gawain mula sa A, B, C.

   A. Buuin ang talahanayan para sa isang malusog at payapang ikaw. Sumulat ng isang halimbawa sa bawat hanay. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Gagawin | Dahilan | Kahihinatnan | Pangakong Hindi na Gagawin |
|---|---|---|---|
| *Halimbawa:*<br>Hindi ako magmumura | Nakasasakit ako ng kapuwa | Magkakaroon ako ng kaaway | Hindi na ako magmumura o magsasalita ng masama |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Itala ang biyayang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos na napakahalaga sa iyo. Iguhit mo ito sa iyong kuwaderno. Isulat din kung paano mo ito pangangalagaan upang magkaroon ng panloob na kapayapaan.

*Halimbawa:*

*Biyaya:* Mapagmahal na mga magulang

*Paano pangangalagaan:* Maging isang mabuti at masunuring anak



C. Gumawa ng isang Panalangin ng Pasasalamat para sa mga biyayang kaloob ng Diyos sa iyo.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 2


# Pagpapahalaga sa Kapuwa, Pagmamahal sa Maylikha

*Ang buhay na handog sa atin ang siyang pinakasagrado. Ibig ng Diyos na ihandog natin ito sa ating kapuwa o sa ibang buhay na Kaniyang nilikha. Ibig ng Diyos na ating padaluyin ang buhay para sa ibang tao. Kung gayon, pananagutan nating mahalin, igalang, at pahalagahan ang buhay ng ating kapuwa tulad ng pagpapahalaga natin sa ating buhay. Paano natin gagawin?*



## Alamin Natin

Suriin ang larawan.




Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa kanila? Patunayan.
2. Bakit dapat mong pahalagahan ang mga likha ng Diyos tulad ng nasa larawan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Sa iyong kuwaderno, sagutin ang sumusunod sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) sa angkop na hanay.

| Ako ba ay… | Madalas | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. nanunukso sa aking kaklase? | | | |
| 2. namimintas sa pananamit ng iba? | | | |
| 3. nakikinig kapag may nagsasalita? | | | |
| 4. nagtatakip ng aking bibig kapag umuubo, bumabahin, o naghihikab? | | | |
| 5. nagpapasalamat sa taong pumuri sa aking pagbati sa bago kong kamag-aral? | | | |
| 6. humihingi ng tawad kapag nakasakit ng iba? | | | |
| 7. nagbibigay ng aking upuan sa nakatatanda? | | | |
| 8. nakikinig sa nagsasalita? | | | |
| 9. nakikipag-unahan sa pila? | | | |
| 10. tinatawag ang kapuwa-tao gamit ang kanilang pangalan? | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang mga tanong:

1. Batay sa iyong sagot, ano ang natuklasan mo tungkol sa iyong sarili?

2. Masaya ka ba sa iyong natuklasan? Ipaliwanag.

3. Kung madalas mong ginagawa ang mali, ano kaya ang magiging epekto nito sa ugnayan mo sa iyong kapuwa?

4. Sa mabubuting bagay na minsan mo lang ginagawa, ano kaya ang maaari mong gawin? Bakit?

5. Kung hindi mo ginagawa ang mga nararapat mong gawin, ano kaya ang maaaring maging bunga nito sa iyo at sa pakikitungo mo sa iyong kapuwa?

**Gawain 2**

Pangkatin ang klase sa apat. Bawat pangkat ay magpapakita ng palabas kung paano igalang at pahalagahan ang sumusunod na likha ng Diyos. Magsagawa ng pagpaplano sa loob ng limang minuto at ipakita ang palabas sa loob lamang ng tatlong minuto.

***Pangkat Mahal*** - mga may kapansanan *(jazz chant)*
***Pangkat Kapuwa*** - mga nawalan ng bahay (awit)
***Pangkat Handog*** - mga may sakit *(rap)*
***Pangkat Likha*** - mga biktima ng kalamidad (tula)

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Gamitin ang pamantayan sa ibaba upang maipakita nang maayos ang gagawin ninyong palabas.

| Pamantayan | ☺☺☺ | ☺☺ | ☺ |
|---|---|---|---|
| **Pakikiisa** | Lahat ng kasapi ng pangkat ay nakiisa sa gawain. | Isa o dalawang kasapi ng pangkat ay hindi nakiisa sa gawain. | Tatlo o higit pang kasapi ay hindi nakiisa sa gawain. |
| **Kagalakang ipinamalas sa gawain** | Lahat ng kasapi ng pangkat ay nagpakita ng kasiyahan sa pakikilahok sa gawain. | Isa o dalawang kasapi ng pangkat ay hindi nagpamalas ng kagalakan sa pakikilahok sa gawain. | Tatlo o mahigit pang kasapi ng pangkat ay hindi nagpamalas ng kagalakan sa pakikilahok sa gawain. |

DEPED COPY

Inaanyayahan ang lahat na maging mapanuri sa panonood ng palabas ng bawat pangkat sapagkat ang lahat ay magsisilbing hurado. Bawat isa ay may *smiley board* na itataas kung saan nakalagay ang bilang ng *smiley*.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isapuso Natin

Gumupit ng puso sa *bond paper*.

Magbalik-tanaw ka. Isipin ang mga taong nakasalamuha mo na iyong iginalang o pinahalagahan. Isulat ito sa isang bahagi ng puso na iyong ginupit. Sa kabilang bahagi naman ay isulat kung ano ang ginawa mo upang ipakita ang paggalang at pagpapahalaga sa taong ito.



## Tandaan Natin

*Sagrado ang buhay! Ito ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa atin.*

Mahalaga na maunawaan natin ang layunin sa buhay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang ating buhay ay hindi natin sarili. Ibig ng Diyos na ihandog natin ito sa ating kapuwa o sa ibang buhay na Kaniyang nilikha. Ibig ng Diyos na ating padaluyin ang buhay para sa ibang tao. Kung gayon, pananagutan nating mahalin, igalang, at pahalagahan ang ating kapuwa.

Maraming paraan upang pahalagahan ang ating kapuwa-tao. Karaniwan sa mga ito ay ang pagtugon sa kanilang pangangailangan sa panahon ng kahirapan. Madalas na nangyayari ito sa panahon ng kalamidad tulad ng bagyo, baha, at lindol. Huwag din nating kaligtaan ang mga pagkakataong kailangan nila ang ating tulong o kalinga sa panahon ng kahirapan at problemang kinasusuungan.

Naipakikita rin ang pagpapahalaga sa iba sa paglutas ng mga suliranin para sa kapakanan ng higit na nakararami.

Ang pagpapahalaga sa ibang tao ay maipamamalas sa pamamagitan ng pagdamay sa kanila sa panahon ng kalungkutan, sa kanilang pag-iisa, sa mga panahong nangangailangan sila ng karamay. Sa kabila ng paghihirap at pagdurusa, makasisilip tayo ng pag-asa dahil sa kapuwang handang dumamay, tumulong, at kumalinga.

DEPED COPY



## Isabuhay Natin

A. Ano ang dapat mong gawin sa bawat sitwasyon kung ikaw ang tauhan dito? Itala rin ang dahilan kung bakit mo ito dapat gawin. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. Napanood mo sa telebisyon ang lawak ng pinsalang dulot ng bagyo sa Tacloban. Marami ang nangangailangan ng pagkain, gamot at damit.

Gagawin: _______________

Dahilan: _______________



2. Si Lola Amanda na 78 taong gulang ay mag-isang naninirahan sa kaniyang bahay sa Brgy. San Pedro, Vigan City. Nasa Sultan Kudarat ang kaniyang mga kaanak. Napansin mong lagi siyang malungkot at nakatingin sa malayo.

Gagawin: _______________


Dahilan: _______________



3. Nasira ang bahay ng pamilyang Santos dahil sa malakas na lindol. Wala silang matutuluyan.

Gagawin: _______________

Dahilan: _______________



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Sumulat ng isang panalangin ng pasasalamat sa buhay na kaloob ng Diyos sa iyo. Idagdag ang iyong pangakong gagawin upang maipakita ang pagpapahalaga sa buhay na kaloob sa iyo.

## Subukin Natin



Pag-aralan ang *editorial cartoon*. Gamitin ito bilang gabay sa pagsulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa paksang, “Buhay ng Kapuwa-tao, Pahahalagahan Kong Lubos.”

Isulat ang iyong sanaysay sa isang *bond paper.*

Binabati kita! Natapos na namang muli ang isang aralin. Naniniwala akong ang pagpapahalaga mo sa buhay ng iyong kapuwa-tao ay kinalulugdan ng Diyos. Inaasahan kong ipagpapatuloy mo ito sa lahat ng oras at pagkakataon. Handa ka na ba sa susunod na aralin? Ipagpatuloy mo ang hangaring matuto.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 3

# Pamilya Tungo sa Isang Mapayapang Komunidad

*Hangad ng bawat isa sa atin ang mabuhay nang matiwasay at payapa sa isang pamilya. Upang ito ay matamo, bawat kasapi ng pamilya ay inaasahang gumawa ng kabutihan, magmahal, magpakita ng pagmamalasakit, paggalang, at higit sa lahat maipamalas ang kapayapaang panloob para makamtan ang mapayapang komunidad.*



## Alamin Natin

Narito ang sama-samang pamilyang binubuo ng mga Muslim, Iglesia ni Kristo, Kristiyano, Mormon, at Born-Again sa Barangay Mindoro. Magkakaiba man ang kinabibilangang relihiyon ng mga miyembro ng komunidad na ito, namamayani naman ang paggalang at pagpapahalaga sa isa't isa.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Basahin ang kanilang ekumenikal na panalangin.

### Pinagsama-samang Panalangin ng Isang Komunidad

Salamat po sa lahat ng biyayang handog. Salamat sa pagkakataong ipinagdiriwang namin ang buhay ng mga miyembro ng bawat pamilyang bumubuo sa Barangay Mindoro. Ipinagmamalaki namin ang komunidad na ito dahil pinagbubuklod ang mga kasapi nito ng paggalang at pagpapahalaga.

Ipinagbubunyi namin ang pagmamahal na namamayani sa bawat isa sa amin. May maaliwalas na puso. May maliwanag na mga tahanan na nagbibigay-tanglaw sa aming buhay. Ipinagpapasalamat namin ang buhay, pagmamahal, pananalig, pag-asa, kapayapaan sa gitna ng pagdududa, kalituhan, di pagkakaunawaan, at kaguluhan.

Hinihiling ng bawat pamilya na makaangkop ang mga kasapi sa mga hamon ng buhay. Nananalangin din kami sa pagkakaroon ng ganap na kapayapaan. Sa pamamagitan ng iyong walang hanggang pagmamahal sa amin, nawa'y patuloy naming maibahagi ang pagmamahal na ito sa aming kapamilya sa komunidad.

Amen.

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino ang pinasasalamatan sa panalangin?

2. Bakit ipinagmamalaki ng mga nagdarasal ang kanilang komunidad?

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Ano-anong kahilingan ang binanggit sa panalangin? Bakit?

4. Masasabi mo bang may kapayapaan ang mga nagdarasal? Magbigay ng patunay batay sa panalangin.

5. Paano kaya makakamtan ang buhay-kapayapaan na hinihiling ng mga nagdarasal?



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Mangarap ka. Gumuhit ng isang larawang nagpapakita ng maayos, masaya, mapayapa, at nagkakasundong pamilya sa komunidad. Iguhit ito sa *bond paper*.

*Halimbawa ng larawan:*



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang sumusunod:

1. Mula sa iyong iginuhit na larawan, bigyan mo ito ng maikling pagpapaliwanag.
2. Ano ang iyong naramdaman habang iginuguhit mo ang iyong pinapangarap na pamilya sa isang komunidad?
3. Itala ang mga salitang naglalarawan ng iyong emosyon habang iginuguhit mo ang pinangarap mong komunidad.

DEPED COPY

**Gawain 2**


Nakasulat sa loob ng "materyales" sa paggawa ng bahay ang iba't ibang pagpapahalaga. Bumuo ng isang bahay tulad ng nasa halimbawa gamit ang mga pagpapahalagang ito. Saang bahagi ng bahay mo ilalagay ang pagpapahalagang ito? Ipaliwanag kung bakit dito mo ito ilalagay. Isulat ang sagot sa sagutang papel. (Maaari kang magdagdag ng iba pang pagpapahalaga.)

| Paggalang | Pagtitimpi | Pag-unawa | Pagmamahalan |
| Pagsasakripisyo | Pagtutulungan | Pagkakaisa |
| Pananalig sa Diyos |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

*Halimbawa:*



**Pagmamahal**

- inilagay ko sa bandang ibaba dahil ito ay magsisilbing pundasyon upang magkaroon ng isang payapang komunidad.

Ano ang naramdaman mo sa iyong ginawa? Bakit?



**Isapuso Natin**

Pag-aralan ang kanta.

**Ako, Ikaw, Tayo ay Isang Pamilya**

Ako, ako, ako'y isang pamilya
Ako, ako, ako'y isang pamilya
Ako, ako, ako'y isang pamilya
Ako'y isang pamilya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Ikaw, ikaw, ika'y kabilang sa komunidad
Ikaw, ikaw, ika'y kabilang sa komunidad
Ikaw, ikaw, ika'y kabilang sa komunidad
Ika'y kabilang sa komunidad.

Sumayaw, sayaw at umindak-indak
Sumayaw, sayaw katulad ng dagat.
Sumayaw, sayaw at umindak-indak.
Sumayaw, sayaw katulad ng dagat.

Tayo, tayo, tayo'y isang pamilya na bumubuo sa komunidad
Tayo, tayo, tayo'y isang pamilya na bumubuo sa komunidad
Tayo, tayo, tayo'y isang pamilya na bumubuo sa komunidad
Tayo'y isang pamilya na bumubuo sa komunidad.

Sumayaw, sayaw at umindak-indak
Sumayaw, sayaw katulad ng dagat.
Sumayaw, sayaw at umindak-indak.
Sumayaw, sayaw katulad ng dagat.

A. Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang ipinahihiwatig ng kanta?
2. Nagustuhan mo ba ito? Bakit?
3. Ano ang naramdaman mo habang kinakanta ito?
4. Paano mo ipamamalas na ikaw ay isang mahalagang bahagi ng komunidad na iyong kinabibilangan?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Tandaan Natin

Ang iba't ibang katangiang hinahanap natin sa isang huwarang komunidad ay maaaring nakikita sa ating pamilyang kinabibilangan. Ang pagmamahal ay isang mabisang paraan upang ang mga pamilya sa komunidad ay magkaroon ng kapayapaan. Ang buhay at ugnayan ng mga miyembro ng mga pamilya sa komunidad ay may mahahalagang papel sa pagkakaroon natin ng panatag at payapang kalooban. Ang pagiging bahagi ng mga pamilya sa komunidad ay isa sa mahalagang karanasan para maging batayan ng ating puso ang sariling kapayapaan.

Sa tahanan, unang iminumulat at ipinadadama ang iba't ibang uri ng pagpapahalaga. Kabilang dito ang pagmamahal sa Diyos at ang pagkakaroon ng kapayapaang panloob. Habang tayo ay nagkakaroon ng sapat na pag-iisip, may bahagi tayong dapat gampanan sa paghubog ng isang komunidad na namamayani ang kapayapaang panloob.

***Magmahalan***. Ang pagmamahal ay nangangahulugang paggawa ng mabuti para sa iba. Nangangahulugan ito ng pag-unawa. Ang simpleng *hug,* pagbati ng *hello,* konting sakripisyo para sa iba, paggalang, at iba pa ay pagpapakita ng pagmamahalan.

***Pagiging mapayapa.*** Ang pag-iwas sa gulo, alitan, pagtatalo, di pagkakaunawaan ay mga paraan para matamo ang kapayapaan. Kapag nalagay tayo sa isang sitwasyon na maaaring magdulot ng kaguluhan, mas mainam na mag-isip nang taimtim at taos-puso. Kung hindi maiiwasan ang pakikipagtalo, isagawa at ipasabi ang pagtitimpi. Matutong maging mahinahon dahil walang magandang patutunguhan kung paiiralin ang pagiging pikon at mainit ang

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ulo. Sabi nga ng isang kasabihan, *"Disagree to agree."* Maaaring mailatag ang iba't ibang opinyon sa isang maingat at matalinong pamamaraan.


***Panatilihin ang kapayapaan*.** Ang kapayapaan ay mananatili kung bawat isa sa atin ay may pusong payapa. Pinakamabisang paraan upang makamtan ito ay ang pagsisimula ng kapayapaang pansarili.

Ang kapayapaang pansarili ay isang kalagayang tinatamasa ng isang taong puno ng pagmamahal na nakikita sa kaniyang pakikitungo sa iba. Hindi kailanman maibabahagi ng isang tao ang kapayapaan sa iba kung wala siyang kapayapaang pansarili.

DEPED COPY



## Isabuhay Natin





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang mga tanong:

1. Saan ka patutungo? Bakit?
2. Paano ka makararating sa daang nais mong tahakin?
3. Paano mo magagamit ang mapayapang kalooban na natutuhan mo sa iyong komunidad upang makarating ka sa iyong patutunguhan?



## Subukin Natin

Salamat sa Pamayanang Handog, Kapayapaa’y Dulot

*Kagamitan:*

*bond paper,* lapis at krayola

*Panuto:*

1. Mag-isip ng isang simbolo para sa mapayapang pamilya.
2. Iguhit at kulayan ang simbolong ito.
3. Sumulat ng isang pagninilay o repleksiyon sa iyong pinapangarap na mga pamilya sa komunidad ngayon. Dagdagan ito ng paglalarawan ng mga pamilyang bumubuo sa komunidad na pinapangarap mo. Gumamit ng isang papel para sa iyong repleksiyon.

Binabati kita sa pagtatapos mo sa araling ito! Tiyak kong handang-handa ka nang tumungo sa susunod na aralin. Dalangin ko na bilang kasapi ng isang komunidad ay maisapuso mo ang mga inaasahang paggawa ng kabutihan, pagmamahalan, pagmamalasakit, paggalang, at higit sa lahat pagpapamalas ng kapayapaang pansarili upang tiyak na makamtan ang magandang kinabukasan para sa isang tahimik na pamayanan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 4

## Mga Hayop na Ligaw at *Endangered*, Kalingain at Alagaan

*Ang pagkalinga ay hindi lamang naipakikita sa mga tao. Ito ay maaaring ipakita rin sa iba pang nilikha tulad ng mga hayop. Bilang batang mag-aaral, nararapat lang na kalingain, mahalin, at alagaang mabuti ang mga hayop. Alamin kung papaano ito gagawin.*

COPY



### Alamin Natin

Basahin ang kuwento.

### Ang Paglalakbay sa *Manila Zoo*



Araw ng Sabado. Maagang gumising ang magkapatid na Jasper at Justin dahil sa *field trip* nila sa Manila Zoo. Agad silang naghanda ng kanilang mga sarili upang makarating sila sa tamang oras sa hintayang lugar. Nakarating ang lahat sa tamang oras kaya't sila



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ay masayang nakaalis patungong Manila Zoo. Masayang-masaya ang mga bata habang naglalakbay. May tawanan, kuwentuhan, at siyempre may kainan.

Ilang sandali pa ay nakarating na sila sa Manila Zoo. Bago sila bumaba ng bus ay ipinaalala ulit ng guro ang mga dapat at hindi dapat gawin ng bawat isa para sa maayos na pag-iikot sa loob ng Manila Zoo. Pagkamangha at pagkagulat ang naramdaman ng bawat isa sa nakita nilang mga hayop na ligaw tulad ng spotted deer, Philippine Eagle, tamaraw, *pond turtle*, *tarsier*, *crocodil*e, at marami pang iba sa loob ng Manila Zoo.

Ipinaliwanag din ng kanilang guro ang iba't ibang pamamaraan ng pag-aalaga at pagkalinga sa mga nabanggit na hayop na ligaw. Ipinaalala rin sa bawat isa na nararapat lang na mahalin at alagaang mabuti ang mga *endangered animals*. Maaari silang maprotekhanan sa pamamagitan ng sumusunod: (1) matuto nang higit pa tungkol sa *endangered animals* sa inyong lugar; (2) bisitahin ang isang pambansang kanlungan para sa mga *wildlife*, parke o iba pang mga bukas na espasyo; (3) gawin ang iyong bahay na *wildlife friendly*; (4) magbigay ng tirahan para sa mga hayop sa pamamagitan ng pagtatanim ng katutubong halaman sa inyong bakuran; (5) iwasan ang paggamit ng "*herbecides at pesticides*"; (6) maging mabagal kapag nagmamaneho; (7) mag-*recycle* at bumili ng napananatiling mga produkto; (8) huwag bumili kailanman ng mga produktong ginawa mula sa nanganganib nang maubos na hayop o *endangered animals*; (9) iulat o i-*report* ang anumang panggigipit o pagbaril ng *endangered animals*; at (10) protektahan ang tirahan ng mga hayop.

Tandaan natin na mayroon tayong responsibilidad upang protektahan ang *wildlife*, mga ibon, isda, at halaman sa bingit ng pagkaubos. Mangako tayo na gagawin natin ang mga bagay na

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

nabanggit dahil sila ay katulad din nating mga tao na nilikha o nilalang ng Poong Maykapal.

Sa pagkakataong ito, ang mga bata ay mahusay na nakinig sa pagbabahagi sa kaalaman ng *tour guide* kung paano makatutulong ang bawat isa upang protektahan ang mga *endangered animals*. Ipinaalala rin niya ang sumusunod: Una, ipaalala sa kanilang mga magulang na ang dapat bilhin ay mga *environment-friendly goods* tulad ng *non-toxic cleaners* upang maiwasan ang pagkalason ng sapa, ilog, at karagatan. Ang mga *toxic cleaners* ay maaari ding maging dahilan ng pagkamatay ng mga hayop; ikalawa, iwasan ang pagbili ng mga produkto na yari sa balat ng hayop; ikatlo at higit sa lahat ay pasalamatan ang iba't ibang samahan na sumusuporta sa pagprotekta sa mga *endangered animals.*

Umuwi nang may ngiti sa mga labi ang bawat isa sapagkat marami silang natutuhan sa isinagawang *field trip* sa Manila Zoo.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang gawaing ikinatuwa ng magkapatid na Jasper at Justin?

2. Ano-ano ang natuklasan ng magkapatid nang nakarating sila sa Manila Zoo?


3. Sa anong pamamaraan inaalagaan at kinakalinga ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*?

4. Sa iyong palagay, tama bang alagaan at kalingain ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*? Bakit?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Gumupit ng mga larawan ng mga hayop na ligaw at *endangered animals*. Idikit ito sa iyong kuwaderno at isulat ang pangalan ng bawat isa sa ibaba ng larawan.

### Gawain 2

Ano-ano ang maaaring mangyari kung isasaalang-alang at pagsusumikapang mailigtas ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*?

Gumawa ng isang simpleng pananaliksik tungkol sa mga hayop na ligaw at *endangered animals* na matatagpuan dito sa ating bansa. Itala ang pangalan ng mga ito at ang mga pamamaraan ng pangangalaga o pagkalinga sa kanila.

| **Pangalan ng mga Hayop na Ligaw at *Endangered Animals*** | **Pamamaraan ng Pag-aalaga o Pagkalinga** |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawain 3

Sa isang malinis na papel gumuhit ng nararapat na tirahan ng mga *endangered animals*. Lagyan ng marka o pangalan kung saan mo ilalagay ang bawat isa. Ipaliwanag sa klase ang mga iginuhit.



### Isapuso Natin

A. Punan ang mga patlang upang mabuo ang "Pangako sa Pag-aalaga ng Hayop na Ligaw" na nasa ibaba. Huwag kalimutang lagdaan ito. Gawin ito sa sagutang papel.

**Pangako sa Pag-aalaga ng Hayop na Ligaw**

Ako si, *(isulat ang iyong pangalan)* ay nangangakong aalagaan ko *(pangalan ng hayop na ligaw na nais ampunin / alagaan)* sa pamamagitan ng ____________
__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
____________________.

B. Gumawa ng isang maikling sulat-panawagan tungkol sa mga taong nanghuhuli ng mga *endangered animals*. Ipaliwanag kung bakit kinakailangan nilang panatilihing buhay ang mga hayop na ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang pagkalinga sa hayop ay isa sa magandang katangian nating mga Pilipino. Sa pamamagitan nito ay ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos sapagkat kabilang ito sa Kaniyang mga nilikha.

Ang Republic Act No. 8485, na mas kilala bilang “Animal Welfare Act of 1988" ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at maayos na pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas. Binuo ng batas na ito ang Committee on Animal Welfare na siyang mamumuno sa pagpapatupad ng batas.

Sinasabi ng batas na dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangangalaga, at maaaring maparusahan ang sinumang mapatunayang lumalabag dito.

Sa Seksiyon 6 ng batas, ipinagbabawal ang pagmaltrato at pananakit sa mga hayop. Ipinasa rin sa bahaging ito ng batas na hindi maaaring pumatay ng hayop, maliban sa mga hayop na kinakain tulad ng baka, baboy, kambing, tupa, manok at iba pang *poultry*, kuneho, kalabaw, kabayo, usa at buwaya.

Isang paglabag sa batas ang pagpatay sa mga hayop na hindi nabanggit liban na lamang kung ito ay dahil sa ritwal ng isang relihiyon, malubhang sakit ng hayop, at pagsupil sa hayop kung nasa bingit ng panganib ang hayop o mga taong malapit dito.

Itinuturing na isang *landmark law* ang Animal Welfare Act dahil ito ang unang kumilala na paglabag sa batas ang kalupitan sa hayop.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Isinasaad naman sa Republic Act No. 9147 o ang “Wildlife Resources Conservation and Protection Act” na maaari namang mag-alaga ng kahit anong “*threatened indigenous and endemic*”, o mga “*exotic species*” ang kahit sino. Kinakailangan lamang na mabigyan sila ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ng Certificate of Wildlife Registration (CWR).

Ayon kay Luz Corpuz ng Protected Animal Welfare Bureau (PAWB) nagbigay rin sila ng amnestiya para sa mga nag-aalaga ng mga *protected* at *endangered animals*. Tamang edukasyon at hindi paghuli sa mga nag-aalaga ng mga *protected* at *endangered* na hayop ang nakikita nilang solusyon.

May proseso silang sinusunod sa sino mang nagnanais mag-alaga ng anumang klaseng *protected* at *endangered species.* Para sa mga matitigas ang ulo at nais makipagsubukan, pagkakakulong ng dalawa hanggang apat na taon o multa mula P200,000.00; P300,000.00 naman ang kahaharapin ng sinumang mapatutunayang lumabag sa RA 9147.

Mahalagang malaman mo na ang pagmamahal sa Diyos ay patuloy na nililinang o pinauunlad upang higit na maipadama ito sa ating kapuwa at sa lahat ng Kaniyang nilikha.

DEPED COPY



## Isabuhay Natin

Pag-isipan mo ang tanong na ito:

Gaano kadalas ang pagpapakita mo ng pagprotekta, pagkalinga, at pangangalaga sa mga hayop, kabilang ang mga *endangered animals*?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay ng iyong sagot. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

| Ginagawa mo ba ang mga ito? | Oo | Madalas | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Sumusuporta ako sa adbokasiya ng mga samahang nagtataguyod at nagpapanatili sa kaligtasan ng mga hayop na ligaw at *endangered animals*. | | | |
| 2. Bumibili ako ng mga gamit na gawa sa balat ng hayop tulad ng sinturon at bag. | | | |
| 3. Bumibili ako ng *stuffed toys* ng mga *endangered animals* upang maipakita ko ang wastong pangangalaga at pagprotekta sa kanila. | | | |
| 4. Ibinabahagi ko sa aking mga kaibigan at pamilya ang aking kaalaman tungkol sa wastong pagprotekta sa mga ligaw na hayop at *endangered animals*. | | | |
| 5. Sumasali ako sa pagtatanim ng mga puno upang may masilungan ang mga hayop. | | | |
| 6. Nanonood ako ng programa sa telebisyon tungkol sa mga hayop na ligaw upang madagdagan ang aking kaalaman. | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Ginagawa mo ba ang mga ito? | Oo | Madalas | Hindi |
|---|---|---|---|
| 7. Niyayaya ko ang aking kapatid na magtanim sa aming bakuran ng mga katutubong halaman bilang tirahan ng mga hayop na ligaw. | | | |
| 8. Sumusuporta ako sa pangangaso ng ligaw na hayop. | | | |
| 9. Iniuulat o inire-*report* ko sa may kapangyarihan ang anumang panggigipit sa mga *endangered animals*. | | | |
| 10. Binabato ko ang hayop na ligaw na nakikita ko sa daan. | | | |

Sa iyong palagay, bakit mahalagang protektahan, kalingain, at pangalagaan ang mga hayop na ligaw at *endangered animals* sa bansa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_____________________________________________.

DEPED COPY



## Subukin Natin

A. Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang isinasaad sa pangungusap ay tungkol sa pangangalaga at pagprotekta sa hayop na ligaw at *endangered animals* at ekis (×) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

_______ 1. Panghuhuli ng baboy-ramo sa kagubatan upang patayin.

_______ 2. Pagtirador sa ibong agila na nakikitang nakadapo sa punongkahoy.

_______ 3. Panghuhuli sa usa upang kunin ang sungay at ibenta ito.

_______ 4. Pagdadala ng sawa sa Manila Zoo upang doon alagaan.

_______ 5. Panggugulat sa mga *tarsier* habang natutulog ang mga ito.

_______ 6. Pagbabaon sa ilalim ng lupa ng *pond turtle*.

_______ 7. Pagbibigay sa tamaraw ng pagkaing damo.

_______ 8. Panghuhuli ng *pond turtle* upang ibenta.

_______ 9. Pagbibigay o paghahagis ng mga bagay na hindi maaaring kainin ng isang buwaya.

_______10. Pagsangguni sa Animal Welfare Committee para sa wastong pangangalaga sa mga hayop.

DEPED COPY

Binabati kita! Muli mo na namang natapos ang isang aralin. Hinangaan kita sa kaalaman mong ipinakita tungkol sa pagkalinga sa mga hayop na ligaw at *endangered animals*. Hangad kong ipagpapatuloy mo ang kaalaman sa pagkalingang ito sa iba pang nilikha ng Diyos sa lahat ng oras at pagkakataon. Handa ka na ba sa susunod na aralin? Ipagpatuloy mo ang mabuting hangaring ikaw ay matuto!



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Aralin 5

# Halamanan sa Kapaligiran, Presensiya ng Pagmamahal ng Maykapal

*Sa kasalukuyang panahon, ang pagkakaroon ng luntiang kapaligiran ay tila imahinasyon na lamang. Naniniwala ka ba sa pahayag na ito?*

*Ang pagsasaluntian ng kapaligiran ay pagtatanim ng mga halaman o punongkahoy upang madagdagan o mapalitan ang mga nabuwal na mga puno't halaman. Naipakikita ang pagmamahal sa Poong Maykapal kung pinahahalagahan at inaalagaan ang mga halaman. Alamin kung paano mo ito gagawin.*

DEPED COPY



### Alamin Natin

Basahin at unawain ang kuwento.

### Tayo na sa Halamanan

Nag-uusap ang magkaibigang Teejay at Maan. "Tayo na sa halamanan. Tingnan natin ang mga tanim," wika ni Teejay.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

“Dadalhin ko na ang pandilig,” wika naman ni Maan.

“Huwag mo nang dalhin iyan dahil umulan naman kagabi,” sabi ni Teejay.

“Sige, magdadala na lang ako ng kalaykay.”

“Dadalhin ko naman ang asarol.”

Nang nasa halamanan na sina Teejay at Maan, ganito ang kanilang usapan.

“Tingnan mo ang mga halaman, Maan. Marami na silang bulaklak ngayon.”

“Kay ganda nga nilang pagmasdan. Bakit kaya may bulaklak na ang mga halaman?” tanong ni Maan.

“Dinilig kasi ng ulan ang mga halaman. Gusto ng mga halaman ang ulan pati na rin ang araw.’

Tiningnan naman nina Teejay at Maan ang mga tanim nilang gulay.

“Malalaki na rin ang ating mga tanim na gulay. Mamumunga na ang mga ito,” wika ni Teejay.

Nakita ni Maan ang mga damong nakapaligid sa mga gulay.

“Ating linisin ang halamanan. Maraming damo sa mga gulay. May uod pa ang mga petsay. Marami rin ang nakakalat na bato,” wika ni Maan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Kinuha nilang dalawa ang asarol at kalaykay. Inalis nila ang mga damo at bato. Inalisan din nila ng uod ang mga gulay. Masama sa tanim ang mga ito. Kanilang binungkal ang lupa ng mga tanim upang lalong tumaba ito.

"Malinis na ang halamanan. Wala na ang kanilang mga kaaway," wika ni Maan.

Pagkatapos ay umalis na ang magkaibigang Teejay at Maan.

Ano kaya ang pakiramdam ng dalawa sa pag-aalaga ng mga halaman?


Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang ginawa ng magkaibigang Teejay at Maan sa halamanan?
2. Ano-ano ang pangangailangan ng mga halaman ayon sa magkaibigan?
3. Paano nila ipinakita ang pangangalaga sa mga halaman?
4. Bilang batang mag-aaral, sa paanong paraan mo inaalagaan ang mga halaman? Isa-isahin ang mga gawaing isasakatuparan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Itala ang maaari mong gawin upang makatulong ka sa pagpapalago at pagbibigay ng pagpapahalaga sa mga halaman. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **Ang Aking Kalendaryo ng Pangangalaga sa Halaman** | |
|---|---|
| **Araw** | **Mungkahing Gawain Upang Mapalago at Maparami ang mga Halaman** |
| Linggo | |
| Lunes | |
| Martes | |
| Miyerkoles | |
| Huwebes | |
| Biyernes | |
| Sabado | |

DEPED COPY

### Gawain 2

1. Bumuo ng tatlong pangkat.
2. Bawat pangkat ay may lider, tagasulat, at taga-ulat.
3. Pumili ng mga iguguhit na larawan upang isakatuparan ng bawat pangkat ang nakalaang gawain.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

*Halimbawa:*

- Pagtatanim ng halaman o gulay sa paso
- Pagdidilig ng mga halamang bagong tanim
- Paggawa ng mga kampanyang humihikayat sa pagtatanim

4. Gumawa ng plano gamit ang *action plan template* sa ibaba bilang gabay.

| Layunin | Gawain | Mga Kalahok | Gagamitin | Takdang Oras |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |




## Isapuso Natin

Isulat sa loob ng puso ang nararamdaman mo sa sumusunod na sitwasyon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1. Sa mga malulusog at namumungang gulayan sa aming bakuran, ang aking nararamdaman ay ...

   Dahil dito ______________________.



2. Sa mga natutuyo at namamatay na mga halaman, ang aking nararamdaman ay....

   Dahil dito ______________________.




DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Sa pagkawala ng mga puno sa kabundukan na naging dahilan ng kawalan ng tirahan ng mga hayop, ang aking nararamdaman ay.....




Dahil dito ______________________.

4. Sa pagtatanim sa isang lugar upang mapalitan ang mga pinutol at mga namatay na mga puno't halaman, ang aking nararamdaman ay ......



Dahil dito ______________________.

5. Sa malalago at mabubungang puno na nagbibigay-sigla sa ating buhay at nagbibigay ng ating mga pangangailangan, ang aking nararamdaman ay ......



Dahil dito ______________________.

DEPED COPY

## Tandaan Natin

Ang kapaligirang may luntiang mga halaman ay siyang nagbibigay-buhay at sigla sa iba pang nilalang na hayop at tao. Ito rin ang nagpapalakas sa mga bukal ng tubig para magamit ng lahat ng nangangailangan nito. Ang buhay at malusog na kagubatan ay gumaganap bilang *buffer system* sa alin mang kapaligiran sa buong daigdig, hindi lang ito naglilinis ng hangin, lupa, at tubig kundi nagpapanatili sa tamang temperatura na kailangan sa malusog na




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

buhay ng bawat nilalang. Ang *buffer system* ay panimbang sa lahat ng kalabisan tulad ng init at polusyon. Ang *global warming* o pag-init ng buong daigdig ay isang malinaw na hudyat upang isagawa ang *reforestation* o pagtataguyod ng kagubatan.

Kung magiging masigasig lamang tayo sa paglahok sa iba't ibang proyekto ng pamahalaan upang maging luntian ang ating kapaligiran, tulad ng pagtatanim sa mga bakanteng lote o lugar, pagtitipon, at pamamahagi ng mga buto at binhi sa ating mga kaibigan o kababayan, pagtulong sa pagkakalat ng impormasyon tungkol sa kahalagahan ng mga halaman at punongkahoy at iba pa, hindi sana tayo magkakaroon ng suliranin sa ating kapatagan lalo na kung tag-ulan.

Huwag nating balewalain ang pagkakataong gawing luntian ang ating kapaligiran. Makatitiyak tayo na tagumpay ang ating makakamtan para sa gawaing ito.



## Isabuhay Natin

Basahin ang sumusunod na gawain at lagyan ng tsek (✓) ang hanay kung ginagawa mo ito nang madalas, paminsan-minsan, o hindi kailanman.

Ilagay ang iyong dahilan sa panghuling hanay. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Gawain | Madalas | Paminsan-Minsan | Hindi Kailanman | Dahilan |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nakikiisa ako sa pag-sasagawa ng mga planong may layuning mapa-halagahan ang mga halaman. | | | | |
| 2. Tumutulong ako sa pagtatanim ng halaman sa aming paaralan at komunidad. | | | | |
| 3. Nakikilahok ako sa programang "Clean and Green." | | | | |
| 4. Pinipitas ko ang ano mang bulaklak na aking nakikita. | | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Gawain | Madalas | Paminsan-Minsan | Hindi Kailanman | Dahilan |
|---|---|---|---|---|
| 5. Hinihikayat ko ang aking mga kaibigan upang aktibong makilahok sa programa ng pagsasa-luntian sa aming komunidad. | | | | |
| 6. Ginagamit ko ang mga paso, lata, o plastik na lalagyan ng *softdrinks* na walang laman upang pagtaniman ng halaman. | | | | |
| 7. Gumagawa ako ng adbokasiya ukol sa pagluluntian sa paaralan. | | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Gawain | Madalas | Paminsan-Minsan | Hindi Kailanman | Dahilan |
|---|---|---|---|---|
| 8. Kusa kong dinidiligan ang mga halaman sa aming paaralan. | | | | |
| 9. Inilalagay ko ang mga tuyong dahon ng mga halaman sa *compost pit* upang gawing organikong pataba. | | | | |
| 10. Ibinubuwal ko ang mga halaman sa aming bakuran. | | | | |

A. Punan ng sagot ang *graphic organizer* tungkol sa mga paraan upang maipakita ang pagtulong at pagpapahalaga sa pagpapanatili ng luntiang kapaligiran.

Gawin ito sa iyong kuwaderno.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Subukin Natin

Iguhit ang  punongkahoy kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa ating mga halaman sa kapaligiran at ekis (×) kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Paglahok sa proyektong “Plant a Tree a Day” sa komunidad.
2. Pagtatanim ng mga gulay sa likod-bahay.
3. Paglalagay ng kawayang bakod sa mga bagong tanim na puno at halaman.
4. Pagdidilig ng mga bagong tanim na halaman.
5. Pagsasawalang-bahala sa mga hayop na kumakain ng bagong tanim na halaman.

DEPED COPY

Binabati kita sapagkat maluwalhati mong natapos ang araling ito. Hinahamon kita na nawa’y ipagpatuloy mo ang iyong pagmamalasakit sa luntiang kapaligiran sa lahat ng oras at pagkakataon. Mahusay!



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 6

# Pangangalaga sa Kapaligiran, Tanda ng Paggalang sa Diyos na Lumikha

*Ayon sa mga nakatatanda, ang pagsagip sa Inang Kalikasan ay nangangahulugang pagsagip at paggalang sa buhay. Sa hangarin nating umunlad, hindi natin namamalayan na unti-unti nang nasisira ang ating kapaligiran. Bilang batang mag-aaral, maipapakita mo ang iyong pagmamahal at paggalang sa pamamagitan ng pagpapaganda at pagsagip nito sa matinding pagkasira. Matututuhan mo sa araling ito kung paano natin dapat mahalin at igalang ang ating kapaligiran na bigay ng Diyos.*



## Alamin Natin

Basahin ang tula.

### Halaman… Karugtong ng Buhay

Kay gandang pagmasdan ng mga halaman
Kay lamig sa mata ng luntiang taglay
Kapag nalulungkot o kaya'y matamlay
Dahon pagmasdan lang, wala na ang lumbay.

Ang mga bulaklak na napakaganda
Sa pusong may lungkot dulot ay ligaya.
Ang simoy ng hangin puro at sariwa
Kapag mga puno may dahong sagana.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang buong paligid kapag natatamnan
Ng mga punongkahoy at mga halaman
Pagmasdan ang langit waring kaulayaw
Dakilang Lumikha tila natatanaw.

Magtanim ng puno sa buong paligid
Upang kalikasa'y tunay na masagip
Programang "Clean and Green" laging isaisip
Balanseng paligid tiyak na makakamit.

Halama'y nilikhang sa tao'y gagabay
Upang maging maayos, takbo ng buhay
Dapat na mahalin at pakaingatan
Tulad din ng ating sariling katawan.

Salamat po, o Diyos sa mga biyayang bigay
Ng ating kalikasang mapagmahal na tunay
Ang pangako po nami'y lubhang pakaiingatan
Mga puno't halaman habang kami'y nabubuhay.

DEPED COPY

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.

1. Ano ang iyong nararamdaman habang binabasa ang tula?

2. Nakasali ka na rin ba sa pagtatanim ng puno o halaman sa inyong lugar?


3. Ano-ano ang kabutihang dulot ng pagtatanim ng puno at mga halaman?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Ano ang maaaring mangyari kung patuloy na makakalbo ang mga kagubatan at hindi tayo magtatanim ng mga puno't halaman?

5. Sa inyong palagay, ang pakikilahok ba sa mga proyektong pampamayanan ay tanda ng ating pagmamalasakit at pangangalaga sa ating kalikasan? Ipaliwanag ang iyong sagot.



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Gumuhit at sumulat sa isang *bond paper* ng isang *poster slogan* na nagtataguyod ng programang "Clean and Green" sa iyong pamayanan.

### Gawain 2

Sumulat ng maikli o simpleng kuwento na nagpapakita ng pagmamahal at pangangalaga sa mga halaman gamit ang sumusunod na elemento. Pagkatapos, basahin ito sa klase nang may damdamin.

| | |
|---|---|
| Tagpuan | Probinsya ng Quezon |
| Panahon | Kasalukuyang panahon |
| Tauhan | Diyos, Xiam, Kim, Gerald, Maja |
| Paksa | Pagmamahal sa mga halaman |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isapuso Natin

Basahin at suriin ang mga pangungusap.

Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung gaano mo kadalas ginagawa o ipinakikita ang pagpapahalaga at pangangalaga sa ating kalikasan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| | **Madalas** | **Paminsan-minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa biyaya ng kalikasan. | | | |
| 2. Ginagamit ko nang wasto ang biyaya ng kalikasan. | | | |
| 3. Sinisira ko ang mga puno't halaman na tinitarahan ng mga ibon. | | | |
| 4. Inaalagaan ko nang buong husay ang biyaya ng kalikasan. | | | |
| 5. Sumasali ako sa proyektong nagtataguyod sa kaligtasan ng kalikasan. | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Tayo ay komunidad na nilikha ng Diyos. Nabubuhay tayo hindi lamang para sa ating sarili, kundi para rin sa kapakanan ng iba. Ano man ang ating gagawin ay pananagutan natin sa ating sarili at sa mga taong nakapalibot sa atin. Bilang miyembro ng ating pamayanan, mayroon tayong moral na obligasyon na pangalagaan ang ating Inang Kalikasan. Nasa atin kung may maiaambag tayo sa pagkakaroon ng balanseng kapaligiran.

Ang simple nating mga gawain ay magiging isang mahusay na kapakinabangan sa lahat ng tao na siyang maninirahan sa mundo kahit na tayo ay wala na. Ang pakikiisa sa pagtatanim ng puno ay hindi lamang sinasalita bagkus ito ay isinasagawa. Huwag nating hayaang mawala tayo sa mundo nang hindi tayo nakapag-ambag ng kahit na isang puno sa mundo na ating kinalalagyan.



## Isabuhay Natin

Magpasa sa punongguro ng pangkatang ulat tungkol sa ginawang proyekto sa paaralan. Gamitin ang *template* sa ibaba.

*Halimbawa:*

| Mga Isinagawang Gawain | Paraan ng Pag-*monitor* |
|---|---|
| | |
| | |
| | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Subukin Natin

A. Basahing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang dahilan kung bakit ito ang iyong napiling kasagutan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. May proyektong inilunsad sa inyong pamayanan. Ito ay ang pagtatanim ng puno sa tabi ng kalye at pangunahing lansangan. Paano ka lalahok dito?

    a. Hindi ko sila papansinin.
    b. Ako ang kukuha ng kanilang larawan.
    c. Magpapakilala ako sa namamahala at kukumustahin ko siya.
    d. Lalapit ako sa namamahala ng proyekto at aalamin kung paano ako makatutulong.

    Dahilan:______________________________________

2. Nakatira kayo sa isang *apartment*. Walang bakanteng lote na mapagtaniman sa harap o likod ng inyong tirahan. Nais mong makilahok sa proyektong pagtatanim ng gulay. Ano ang iyong gagawin?

    a. Magtatanim ako sa mga lata, paso, lumang plastik na timba, palanggana o batya.
    b. Iisip na lamang ako ng ibang proyekto.
    c. Bibili ako ng artipisyal na halaman.
    d. Kalilimutan ko na lang ang pagsali.

    Dahilan: ______________________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Ang inyong barangay ay naglunsad ng proyektong “Magtipon ng mga Buto at Binhi” para sa pagtatanim ng mga gulay sa buong lugar. Papaano mo ibabahagi ang iyong oras?

   a. Ayoko ng ganitong proyekto.
   b. Wala akong alam sa mga buto at binhi.
   c. Magmumungkahi ako ng tindahan na mabibilhan nila ng mga buto at gulay.
   d. Ako ay magtitipon ng mga buto at binhi at ibibigay ko sa barangay.

   Dahilan: ______________________________________

4. Ang pangulo ng Homeowners Association sa inyong subdibisyon ay nagpatawag ng pulong para sa kabataang tulad ninyo para sa ilulunsad na bagong proyektong “Halamang Gamot Para sa Kalusugan”. Papaano mo ibabahagi ang iyong oras sa proyektong ito?

   a. Hindi ako dadalo sa pulong.
   b. Magdadahilan ako na hindi ako pinayagan ng aking magulang.
   c. Hindi ako interesado dahil wala akong pakialam sa proyekto.
   d. Dadalo ako sa pulong dahil naniniwala ako na maganda ang maidudulot ng proyektong ito sa aming lugar.

   Dahilan: ______________________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

5. Ang Community Extension Services Unit ng isang kolehiyo na malapit sa inyong lugar ay maglulunsad ng isang programa tungkol sa "Gulayan sa Bakuran" na makatutulong sa inyong lugar. Ano ang iyong gagawin?

   a. Hindi ako interesado sa ganitong proyekto.
   b. Wala akong pakialam sa pagtatanim ng gulay sa aming bakuran.
   c. Magbibigay ako ng sapat na oras at panahon sa pagdalo sa isasagawang paglulunsad ng proyekto.
   d. Hindi na ako kailangang dumalo pa dahil alam ko na ang mga sasabihin nila.

   Dahilan: ____________________________________

Binabati kita! Kahanga-hanga ka dahil matiyaga mong natapos ang araling ito. Nawa'y maging handa ka sa susunod na aralin para patuloy mong maisaalang-alang ang pagpapahalaga sa ating kapaligiran.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Aralin 7

# Mga Biyaya ng Kalikasan, Dapat na Pahalagahan

*Mabait ang Inang Kalikasan sa atin. Ito ang pinagmumulan ng masaganang likas na yaman na ating tinatamasa at ikinabubuhay sa araw-araw. Kaya't bilang tagapangalaga ng ating kalikasan, lagi nating tandaan na ang mga pinagkukunang yaman ay dapat pahalagahan sa pamamagitan ng paggamit nito ng buong husay. Kinakailangang ito rin ay mapangalagaan, maparami, at huwag sayangin sapagkat ang bawat isa ay nakikinabang.*



## Alamin Natin

Basahin at gawin ang panuto.

**Mag-isip tayo: Isa, Dalawa, Tatlo…**

Buuin ang kaisipan sa pamamagitan ng paglalagay ng titik sa kahon sa ibabaw ng bilang. Gamitin ang alpabetong may katumbas na bilang sa ibaba upang mabuo ang kaisipan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N | O | P |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |

| Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 16 | 21 | 14 | 15 | | 1 | 20 | | 8 | 1 | 12 | 1 | 13 | 1 | 14 |


| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2 | 9 | 25 | 1 | 25 | 1 | | 14 | 7 | | 13 | 1 | 25 | 11 | 1 | 16 | 1 | 12 |

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang iyong nabuong kaisipan?

2. Sumasang-ayon ka ba sa nabuong kaisipan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Ibahagi ang ilan sa magagandang gawain upang mapangalagaan mo nang buong husay ang mga puno at halaman sa ating kapaligiran.



## Isagawa Natin

**Gawain 1**

1. Pag-aralan at suriin ang bawat larawan.

*Unang larawan*

Maraming halaman at punong nabuwal dahil sa bagyo.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

*Ikalawang larawan*

Mga batang nagtatapon ng basura sa *dumpsite.*




*Ikatlong larawan*

Kagubatan na nakalbo na.



Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa sinuring mga larawan:

1. Anong konsepto ang ipinakikita ng bawat larawan?

2. Ano kaya ang dahilan ng suliranin sa una, ikalawa, at ikatlong larawan?

3. Ano ang nararamdaman mo sa sumusunod na sitwasyon?

    a. kapag nakakakita ka ng nabuwal na mga halaman
    b. kapag nakakakita ka ng mga batang nagtatapon ng basura
    c. kapag kalbo na ang kagubatan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain 2**

Gumawa ng maikling diyalogo gamit ang sumusunod na pangalan ng mga taong gaganap. Bigyang-diin sa gagawing diyalogo ang mga hiling ng bawat isa na sila'y mailigtas, matulungan, at mapahalagahan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Mga Tauhan:

Naranja (isang puno)

Banguso (isang isda)

Hagibis (isang hangin)



## Isapuso Natin

Paano mo ipinakikita na ikaw ay may pagpapahalaga sa kalikasan o biyaya na kaloob ng Maykapal?

A. Sumulat ng buong pusong pangako sa pakikilahok sa proyekto ng pamayanan para sa pangangalaga at pagpapahalaga sa malinis at ligtas na kapaligiran. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Ako'y nangangakong ______________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
___________________________________.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Gumawa ng isang simpleng panalangin para sa pagmumulat ng kaisipan sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan. Idikit ito sa dingding ng silid-aralan upang gawing panalangin sa pagtatapos ng aralin. Maaari din itong basahin sa seremonya sa Watawat ng Pilipinas ng paaralan.

**PANALANGIN**

## Tandaan Natin

Ang walang tigil na pagpuputol ng mga punongkahoy ay dahilan ng pagbaha sa mababababang lugar. Kakaunti ang nakababatid na ang mga ugat ng puno ang sumisipsip sa mga tubig-ulan at pumipigil sa pag-agos nito pababa sa kapatagan na nagdudulot ng pagbaha. Ang mga ugat din ng puno ang pumipigil sa lupa upang maiwasan ang pagguho nito o *landslide*.

May mga tao rin na ilegal na nagpuputol ng mga punongkahoy. Ito ay lingid sa kaalaman ng pamahalaan. Ipinagbibili nila ito sa mga gumagawa ng mesa, silya, at anumang uri ng *furniture*. Ang hindi maganda sa bagay na ito, ang mga pumuputol ay hindi naman marunong magtanim ng puno. Wala silang ipinapalit sa kanilang pinutol.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Isabuhay Natin

A. Punan ng sagot ang *graphic organizer* tungkol sa mga paraan upang maipakita ang pagtulong at pagpapahalaga sa pagpapanatili ng luntiang kapaligiran. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




B. Magdala ng isang uri ng halaman o puno na maaaring itanim sa paligid ng inyong paaralan. Alagaan ito bilang simbolo ng iyong pagmamahal sa luntiang kapaligiran.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Subukin Natin

Iguhit ang masayang mukha  kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa biyaya ng kalikasan at malungkot na mukha  naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Pagsuporta sa mga *illegal loggers* tungkol sa pagputol ng mga punongkahoy sa kagubatan.

2. Pagsama sa pagtatanim ng mga puno sa aming lugar.

3. Pagtatapon ng mga tuyong dahon sa *compost fit* para gawing pataba sa mga halaman.

4. Pakikilahok sa paggawa ng mga materyales pang-adbokasiya tungkol sa pangangalaga ng kalikasan.

5. Pagtulong sa pagdidilig ng mga halamanan sa bakuran ng paaralan.

Binabati kita! Muli mo na namang natapos ang isang aralin. Naniniwala akong ang pagpapahalaga mo sa balanseng kalikasan ay kahanga-hangang tunay. Hangad kong ipagpapatuloy mo ito sa lahat ng oras at pagkakataon. Handa ka na ba sa susunod na aralin? Ipagpatuloy mo ang mabuting hangaring ikaw ay matuto!

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Aralin 8
# Mga Yamang Likas, Ating Alagaan

*Ang pangangalaga sa mga yamang likas ay dapat isaalang-alang ng bawat isa sa pang-araw-araw na buhay. Bilang batang mag-aaral, nararapat lang na gamitin nang may wastong pag-iingat ang mga ito sa tahanan, paaralan, at maging sa pamayanan. Alamin kung papaano ito isasagawa.*



### Alamin Natin

DEPED COPY

Basahin ang sanaysay.

**Ikaw at Ako: Tagapangalaga ng Kalikasan**

Ang kalikasan ay maituturing na pinakamahalaga at pinakamagandang biyaya na ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa atin. Ito ay binubuo ng mga lupain tulad ng kabundukan, kagubatan at maging ng magagandang tanawin. Gayundin naman, ang bahaging tubig tulad ng ilog, sapa, at karagatan ay biyaya na bigay ng Diyos. Ang lahat ng mga ito ay pinagkukunan ng ating pagkain, inumin, at maging ang mga kagamitang para sa pang-araw -araw nating pamumuhay. Halos lahat ng ating mga pangunahing pangangailangan ay galing sa ating kalikasan. Ang sariwang hangin na ating nalalanghap ay lubos na nakatutulong sa atin upang tayo ay mabuhay nang maayos, mapayapa at matiwasay.

Kung ating mapapansin, sa gitna ng mga biyayang ating tinatamasa mula sa ating kalikasan, minsan ay unti-unti nating nalilimutan ang ating mahahalagang tungkulin. Masakit isipin na ang kalikasan na ating pinahahalagahan ay unti-unti nang nasisira dahil



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

sa mga taong iniisip lamang ang kanilang sariling kapakanan. Dahil dito, libo-libong mamamayang Pilipino ang binabawian ng buhay sa pagkagutom at pagkasalanta dahil sa mga delubyong naranasan. Ang problemang ito ay hindi lamang nakasasama sa atin, bagkus ito rin ang nakaaapekto sa mga nilalang na may buhay. Ang sanhi ng pagkasira sa ating kalikasan ay halos laganap na sa buong mundo. Kailan pa tayo kikilos? Kung huli na ang lahat? Paano na ang susunod na henerasyon?

Sa panahon natin ngayon, mahirap sagutin ang mga tanong na iyan dahil alam na alam natin na ang ating kalikasan ay sirang-sira na dahil sa mga maling gawain ng mga tao. Nararapat lang na tayo'y kumilos habang may natitira pang yaman mula sa ating kalikasan. Isipin natin ang darating pang henerasyon. Kaya panahon na para tayo ay magbago, huwag nating hayaan at hintayin na masira ang mga likas na yaman hanggang sa ito'y mawala. May panahon pa tayo. Huwag natin itong sayangin. Sabay-sabay natin itong ayusin at simulan sa ating mga sarili. Isagawa natin ang ating tungkulin bilang tagapag-alaga ng Inang Kalikasan.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-ano ang likas na yamang nabanggit sa sanaysay?

2. Sino ang dapat na maging tagapangalaga ng ating kalikasan o likas na yaman?

3. Kung ikaw ang kagubatan, kabundukan, ilog at karagatan, ano ang iyong magiging kahilingan sa sangkatauhan?


4. Ano naman ang iyong mga sagot sa hiling ng likas na yaman?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

5. Kung kayo ay magkakasundo ng likas na yaman, ano kaya ang kahihinatnan ng iyong mundong kinabibilingan?



## Isagawa Natin

**Gawain 1**

Narito ang mga dahilan ng pagkasira ng ating likas na yaman o kalikasan. Isulat kung paanong nakasisira ang mga ito sa ating kalikasan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. paggamit ng *insecticides* → ______________________________ ______________________________

2. pagsusunog ng mga basura, plastik, at papel → ______________________________ ______________________________

3. paninigarilyo ng mga tao sa paligid → ______________________________ ______________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. paggamit ng dinamita sa paghuli ng isda at iba pang lamang dagat → ______________________

5. patuloy na paggamit ng plastik at lubhang paggamit ng papel → ______________________

## Gawain 2

1. Bumuo ng tatlong pangkat.

2. Idikit sa *manila paper* ang mga ginupit na larawan na nagpapakita ng pangangalaga ng ating likas na yaman o kalikasan.

3. Ang lider ng bawat pangkat ay bubunot ng isa sa sumusunod na gawain na may kinalaman sa pangangalaga ng ating likas na yaman o kalikasan:

    a. tula
    b. awit
    c. *interpretative dance*

4. Ipakikita ng bawat pangkat ang ginawang tula, awit at *interpretative dance* ayon sa larawang idinikit sa loob ng dalawa o tatlong minuto lamang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Gamitin ang *rubric* sa pagtataya ng ginawang *output*.

| Mga Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Husay ng pagkakadikit ng mga larawan** | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng kahusayan sa pagtulong sa pagbuo ng gawain. | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagtulong sa pagbuo ng gawain. | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagbuo ng gawain. |
| **Tamang saloobin sa pagpapakita ng *output*** | Naipakita nang maayos at may tiwala ang nabuong tula, awit, o *interpretative dance*. | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang nabuong tula, awit, o *interpretative dance*. | Hindi naipakita nang wasto ang nabuong tula, awit, o *interpretative dance*. |

DEPED COPY



## Isapuso Natin

A. Gumupit ng isang balita sa pahayagan tungkol sa pang-aabuso ng tao sa likas na yaman o kalikasan. Gumawa ng isang reaksiyon tungkol sa napiling sitwasyon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Gumawa ng isang patalastas o panawagan tungkol sa pangangalaga ng ating likas na yaman o kalikasan. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng *slogan* o *poster.*

## Tandaan Natin

Ang likas na yaman ay kaloob ng Maykapal na dapat pangalagaan at paunlarin para mapakinabangan ng tao. Ang maling paggamit nito ay maaaring humantong sa pagkasira, pagkawasak o pagkawala nito. Pangalagaan ang kalikasan sa pamamagitan ng wastong pamamaraan upang ito'y mapaunlad at mapakinabangan sa habang panahon.

Ang Presidential Decree No. 705 o Revised Forestry Code ay tungkol sa pagprotekta ng kagubatan at kakahuyan sa Pilipinas na inaprubahan noong Mayo 1975. Nilalaman ng batas na ito ang epektibong pangangasiwa ng mga lupain at yamang-lupa sa bansa, at kabilang dito ang pagtatakda sa uri ng mga pampublikong lupain upang malaman kung anong uri ng pangangalaga ang dapat ilaan para dito. Ang isa pang mahalagang probisyon ng batas na ito ay ang pangangasiwa sa dami at uri ng kakahuyan na maaaring putulin, pati na rin ang pamamaraan ng pagkamit ng lisensiya ng mga kompanyang puputol ng puno. Ayon pa rin sa batas na ito, ang mga punong maaaring putulin ay yaong mga punong may diyametrong 60 sentimetro (sa bahagi ng puno na kasintaas ng dibdib ng tao). Sa paraang ito, hindi tuluyang makakalbo ang lupain, na siyang tutulong sa pananatili ng magandang kondisyon ng lupa at para makaiwas sa pagguho ng lupain.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Noong Marso 2004 ipinatupad ang Republic Act No. 9275 o The Philippine Clean Water Act of 2004. Ang batas na ito ay bilang pagkilala sa kahalagahan sa proteksiyon ng mga yamang-tubig at ng mga katubigan sa Pilipinas. Bilang tugon dito, isinasaad ng Philippine Clean Water Act na kailangang magbuo ng mga plano tungo sa pangmatagalan at pangmalawakang paghadlang sa pagdumi ng mga katubigan sa Pilipinas at pagtukoy at paglinang ng mga magandang alternatibo sa mga gawaing kilala bilang sanhi ng polusyon sa katubigan. Kabilang din sa batas na ito ang pagpapalaganap ng impormasyon sa publiko sa kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan ng mga tubig. Ang ilan pang nilalaman ng batas na ito ay ang pangangasiwa ng sistema ng mga *sewerage*, paniniguro ng kalinisan ng mga tubig na ginagamit bilang inumin, at paggawa ng mga *environmental impact assessment* sa iba't ibang kritikal na lugar na malapit sa katubigan sa Pilipinas.

Ang Republic Act No. 8749 o The Philippine Clean Air Act ay naglalayong panatilihing malinis at ligtas ang hanging nilalanghap ng mga mamamayan. Layon din nito na ipagbawal ang mga gawaing nagpapadumi sa hangin. Ayon sa batas na ito, mas kailangang bigyang-pansin ang pagpapahinto ng mga gawain na nagpaparumi ng hangin kaysa sa pagpapalinis ng maruming hangin. Ang batas na ito ay nagsasaad din na hindi lamang ang pamahalaan ang may katungkulan na panatilihin ang malinis na hangin, subalit pati ang mga pribadong mamamayan at mga komersiyal na industriya ng bansa. Kasama sa batas na ito ang pagpaplano ng mga pangmatagalang pamamaraan upang epektibong maiwaksi ang mga sanhi ng maruming hangin at maghanap ng mga paraan upang mabawasan ang polusyon sa hangin.


Mahalagang malaman at maisabuhay ang mga nabanggit na batas para sa wastong paggamit ng ating likas na yaman.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Ang gawaing ito ay pagpapakita rin ng pagmamahal sa Diyos at pagkakawanggawa sa kalikasan upang patuloy na mapaunlad at higit na maipadama ito sa ating kapuwa at sa lahat ng kaniyang nilikha.



## Isabuhay Natin

Pag-isipan ang tanong na ito: Paano ka makatutulong sa pangangalaga ng ating likas na yaman o kalikasan?

Pag-usapan ang inyong sagot sa inyong pangkat. Gumawa ng *powerpoint presentation* o dula-dulaan tungkol sa napag-usapang sitwasyon.



## Subukin Natin

A. Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang isinasaad sa pangungusap ay nagpapakita ng pangangalaga o pagmamalasakit sa ating likas na yaman at ekis (×) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Tinatapakan ko ang bagong tanim na halaman sa aming bakuran.

2. Itinatapon ko ang aming basura sa tabi ng ilog kung gabi.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Hinahayaan ko ang aking kaklase na magtapon ng basura sa sahig ng aming silid-aralan.

4. Tumutulong ako sa pagsusunog ng mga basura sa likod ng aming bahay.

5. Pinaghihiwalay ko ang basurang nabubulok at di-nabubulok.

6. Itinatapon ko ang patay na hayop sa ilog.

7. Sumusuporta ako sa mga programa ng aming barangay tungkol sa pangangalaga ng likas na yaman o kalikasan.

8. Winawalis ko ang dumi ng kanal sa tapat ng aming bahay upang maiwasan ang pagkabara ng basura rito.

9. Nililinis ko ang daluyan ng tubig sa palikuran isang beses sa isang linggo.

10. Inaalagaan kong mabuti ang mga punongkahoy sa aming bakuran.

DEPED COPY

Muli, natapos mo na naman ang isang aralin kaya't binabati kita sa matagumpay mong gawain. Hinahangaan kita sa ipinakita mong pagpapahalaga at pangangalaga sa ating likas na yaman o kalikasan. Hangad ko ang lubos na pagkatuto mo sa susunod na aralin. Ipagpatuloy ito!



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 9

## Mga Kagamitang Gawa ng Tao, Iniingatan Ko!

*Halos lahat ng kagamitan sa bahay, paaralan, o maging sa pamayanan man ay nagmula sa kalikasan. Ang mga kagamitang ito ay ginawa ng tao. Kaya't bilang mga batang Pilipino, nararapat lang na pangalagaan ito at gamitin nang may wastong pag-iingat.*



### Alamin Natin

Basahin ang tula.

**Salamat sa Iyo… Ikaw ang Gumawa ng mga Gamit Ko!**

Kung ating pagmamasdan ang ating kapaligiran,
Dulot sa kalooban ay saya, ganda, at kapanatagan.
Kaya't 'wag nating abusuhin bagkus ay alagaan,
Dahil lahat ng kagamitan ito ang pinagmulan.

Tulad ng mga puno sa ating mayamang kagubatan,
Dito nagmula ang lamesa at upuan sa ating tahanan.
Hindi ba't ito'y yari sa kahoy na galing sa kalikasan,
Na dapat ipagmalaki, pakaingatan, at pangalagaan.

Dumako naman tayo sa dakila at mahal na paaralan,
Mga kagamitang tulad ng pisara, kabinet, at mga upuan.
Ang mga ito'y kailangan sa pag-aaral ng mga kabataan,
Kaya't pakaingatan para magamit nang pangmatagalan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Kung ating iisa-isahin at pag-aaralan ang mga kagamitang ito,
Gamit nating papel, lapis, at kuwadernong ginawa ng tao.
Huwag sayangin, tipirin, at i-*recycle* sapagkat puwede pa ito,
Para may magamit pa sa mga susunod na taon at siglo.

Kung araw ng Linggo mga tao'y nagtutungo sa simbahan,
Pagkatapos ng misa mga bata'y pumupunta sa palaruan.
Lahat ay nagkakaisang naglalaro sa siso, akyatan at duyan,
Ang dulot ay lubos na kasiyahan sa ating mga kabataan.

Ang kalikasan sadyang ipinagkaloob ng Panginoon sa atin,
Siya'y masasabing tunay na maunawain at mahabagin.
Kaya't mga biyaya'y mahalin, paunlarin, at pagyamanin,
Upang lubos na pag-unlad ng ating bansa'y kamtin.

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano-anong gamit o kagamitan sa ating bahay, paaralan, at pamayanan ang maaaring magawa mula sa likas na yaman o kalikasan?


2. Tukuyin ang mga naidudulot ng mga kagamitang ito sa ating pang-araw-araw na buhay.

3. Bilang tagapangalaga ng ating kalikasan, ano-ano ang dapat mong gawin upang mapangalagaan ang mga ito?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Bilang tagapangalaga ng mga gamit o kagamitan mula sa kalikasan, ano ang iyong gagawin sa sumusunod na sitwasyon?

1. Isang araw sa pagdating mo ng inyong bahay galing paaralan ay napansin mong ang inyong kahoy na upuan sa *terrace* na pamana pa ng lolo at lola mo ay nauulanan.

2. Tuwing tanghali, pagkatapos kumain ng iyong mga kapatid ay iniiwan na lang nila ang kagamitan sa pagkain na hindi hinuhugasan.

3. Nakita mong ang upuan ng iyong kaklase sa silid-aralan ay natanggal na ang isang piraso ng kahoy sa bahaging sandalan nito.

4. Madalas mong mapansin ang mga kaklase mo na kapag nagkakamali sa pagsusulat sa papel o kuwaderno ay agad pinupunit ang pahina at sabay tapon sa basurahan.

5. Namasyal kayo ng inyong pamilya sa isang museo at napansin mong ang isang magandang *display cabinet* na maraming laman ay malapit nang matumba.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain 2**

Bumuo ng limang pangkat. Ang bilang ng bawat sitwasyon sa Gawain 1 ang isang magiging bilang ng inyong pangkat. Magsama-sama ang lahat ng bilang 1, 2, 3, 4, at 5. Pag-usapan ang inyong mga sagot at bumuo ng isang *skit* o maikling palabas tungkol dito.

Gamitin ang *rubric* sa pagtataya ng ginawang *output*.

| **Pamantayan** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| Husay ng pagkaganap | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng husay sa pagganap. | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap. | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap. |
| Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon. | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon. | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isapuso Natin

A. Magtala ng isang pasyalan o palaisdaan na gawa ng tao.

B. Alamin kung papaano ito pinangangalagaan ng pamayanan at ng taong may-ari nito.

C. Gamitin ang pagsusulatan na inihanda.

D. Iulat ito sa klase.

Pangalan: ______________________________
May-ari: ______________________________
Lugar: ______________________________

Mga paraan ng pangangalaga:

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang ating mga kagamitan sa bahay, paaralan, at pamayanan ay nagmula sa ating kalikasan na ginawa ng tao. Lubos na pangangalaga at wastong pag-iingat ang ating maiaambag upang ang lahat ng ito ay maging kapaki-pakinabang sa loob ng maraming taon.

Ayon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) Administrative Order No. 37 series of 1996, upang maabot ang pantay at balanseng pang-ekonomiyang paglago at proteksiyon mula sa paggamit, pagbuo, pamamahala, pagbabago ng likas na yaman ng bansa. Kalakip nito ang proteksiyon at paghubog sa magandang kalidad ng ating kapaligiran, hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon kundi para sa darating na panahon.


Isinasaad naman sa Presidential Decree No. 705 o "Revised Forestry Code" na ang mga punongkahoy na maaaring putulin ay yaong mga punong may diyametrong 60 sentimetro (sa bahagi ng puno na kasintaas ng dibdib ng tao). Sa paraang ito, hindi tuluyang makakalbo ang lupain, na siyang tutulong sa pananatili ng magandang kondisyon ng lupa at para makaiwas sa pagguho ng lupa.

Gamitin nang wasto ang ating mga gamit o kagamitan sa bahay, paaralan, at pamayanan. Sa pamamagitan nito, tayo ay nakatutulong sa pangangalaga sa ating kalikasan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Isabuhay Natin

1. Suriin ang loob ng inyong bahay, paaralan, o pamayanan. Alin sa mga kagamitan ninyo ang nalikha mula sa likas na yaman. Paano mo ito pinahahalagahan?

| Kagamitan | Pinanggalingan | Paano ito Pinahahalagahan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## Subukin Natin

Paano mo maipakikita ang iyong pangangalaga sa ating mga gamit o kagamitan mula sa likas na yaman o kalikasan?

Iguhit ang masayang mukha  kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pangangalaga sa mga gamit o kagamitan at malungkot na mukha  naman kung hindi ito nagpapakita. Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. Ginagamit ko nang may wastong pag-iingat ang mga gamit o kagamitan sa aming bahay upang hindi masira.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Itinatago ko sa kahong matibay ang mga gamit o kasangkapang hindi ko na ginagamit.

3. Gumagamit ako ng baso kung ako ay nagsesepilyo upang hindi masayang ang tubig.

4. Iniiwan ko sa mesa ang mga baso, pinggan, kutsara, at tinidor na ginamit ko sa pagkain.

5. Hinihikayat ko ang aking mga kamag-aral na gamiting muli ang likod ng mga papel at kuwaderno na wala pang sulat.

Muli, binabati kita sapagkat maluwalhati mong natapos ang araling ito. Hinahamon kita na maisabuhay mo ang wastong pangangalaga sa mga gamit o kagamitan sa inyong bahay, paaralan at pamayanan. Hangad ko ang lubos mong pagkatuto sa mga natapos na aralin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.